Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 1, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


Gob. Edgardo A. Tallado

nasa loob
EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5



# PGSP Experience-Sharing and Distribution of Checks for Tuition Fee Reimbursements and Allowances

Ang *PGSP Experience-Sharing* at pamimigay ng mga tseke para sa *Tuition Fee Reimbursements* at *Allowances* ay idinaos noong Pebrero 15, 2011 sa ganap na ika-1:30 ng hapon sa *Little Theater* ng *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center* (CNSCAC).

Sa programang isinagawa kaugnay nito, nagbigay ng mensahe sa okasyon si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado. Ipinahayag dito ng gobernador na dadagdagan niya ang pondo ng *Provincial Government Scholarship Program*

(Sundan sa pahina 6)











*Ang ginanap na distribution ng **tuition fee reimbursements** at **experience-sharing** ng mga dating **PGSP grantees** na dinaluhan ni Gob. Egay Tallado at Bise Gob. Jonah Pimentel at nina SPM Romeo Marmol, Ligaya Lo-Pedron at Dr. Ruth F. Herrera na ginanap sa Little Theater ng CN Agro Sports Center.*

# Gob. Tallado pinangunahan ang Team Cam. Norte sa pagbubukas ng Palarong Bikol 2011









*Ang **Team Camarines Norte** sa ginanap na pagbubukas ng Palarong Bikol 2011 sa Daraga, Albay na pinangunahan nina Gob. Egay Tallado at Bise-Gob. Jonah Pimentel kasama ang SPM Ligaya Lo-Pedron at si CN DepEd Div. Supt. Arnulfo Balane bilang suporta sa mga atleta ng lalawigan; binisita rin ng grupo ni Gob. Tallado ang mga coaches at atleta mula sa iba't-ibang paaralan ng lalawigan sa kanilang quarters; (Kaliwa) ang paglilipat ng bandila ng palaro mula sa CN patungong Albay na tinanggap ni Gob. Joey Salceda mula kay Gob. Tallado; at ang pagtataas ng bandila ng Camarines Norte bilang simbulo ng pakikiisa sa naturang palaro na pinangunahan ni Gob. Tallado at CN Div. Supt. Balane.*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Pagrerehistro sa mga kwalipikadong benepisyaryo ng 4Ps ng DSWD patuloy na isinasagawa

Ang pagrerehistro sa mga kwalipikadong benepisyaryo ng *Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)* sa iba't-ibang bayan ng Lalawigan ng Camarines Norte ay patuloy na isinasagawa ng mga kinauukulang kawani ng *Department of Social Welfare and Development Regional Office 5 (DSWD RO5)* na nakabase rito sa lalawigan.

Umabot na sa 2,772 potensyal na benepisyaryo ng *4Ps* sa bayan ng Paracale ang nakapagparehistro kamakailan; 404 ang nakapagpatala noong Peb. 4-5 sa bayan ng San Lorenzo Ruiz; 3,485 *potential beneficiaries* sa bayan ng Mercedes noong Peb. 5-12, at 3,115 naman ang nakapagpatala noong Peb. 6-11 sa bayan ng Sta. Elena.

Maliban dito, magdaraos din sila ng pagpupulong at pagrerehistro sa mga bayan ng Basud na tinatayang may 2,455 potensyal na mga benepisyaryo; Jose Panganiban-2,868; Labo-2,290; San Vicente-511, at Vinzons-3,136.

Ang mga naunang kwalipikadong benepisyaryo mula sa mga kinauukulang bayan ay tatanggap ng tulong-pinansyal sa pamamagitan ng *over-the-counter payments*. Nakapagpalabas na rin ng mahigit sa P24.7 milyon na pondo ang *DSWD* para sa may 2,237 naunang benepisyaryo ng *4Ps* mula sa mga bayan ng Capalonga, Sta. Elena, Mercedes at San Lorenzo Ruiz para sa mga buwan ng Disyembre 2010 hanggang Enero 2011.

Bubuuin din ang *municipal advisory committee (MAC)* sa bawat bayan para matiyak ang sistematikong implementasyon ng *4Ps*. Magsasagawa rin ng serye ng *family development sessions (FDS)* para matukoy kung maayos na nagagastos ng mga benepisyaryong pamilya ang tulong-pinansyal mula sa pamahalaang nasyonal. Magkakaroon din ng *compliance verification* tuwing ikatlong buwan na siyang magiging basehan kung ang benepisyaryo ay kwalipikado pang bigyan ng *transfer–of-cash grants*.

Ang *4Ps* ay isang istratehiya ng pamahalaan para mabawasan ang antas ng kahirapan at maisulong ang kaunlarang panlipunan ng pamahalaang nasyonal. Sa ilalim nito, ang pinakamahihirap na mga pamilya ay bibigyan ng *conditional cash grants* para mapabuti ang kanilang kalagayang pangkalusugan, nutrisyon at edukasyon partikular na ang mga kabataang may edad 0-14 taon.

Tumutulong din ang *4Ps* para matupad ng bansa ang pangako *(commitment)* nito na tugunan ang *Millennium Development Goals (MDGs)* gaya ng: *1) Eradicate Extreme Poverty and Hunger; 2) Achieve Universal Primary Education; 3) Promote Gender Equality; 4) Reduce Child Mortality*, at *5) Improve Maternal Health*.

Sa ilalim ng nasabing programa, ang benepisyaryong sambahayan na may nagdadalantaong ina at/o anak na edad 0-5 taon ay tatanggap ng *health* at *nutrition grant* na P500.00 bawat buwan. Ang mga sambahayan naman na may mga anak na edad 6-14 taon na nag-aaral ay bibigyan ng *educational grant* na P300.00/ buwan para sa bawat bata, na ang pinakamataas na bilang ay 3 benepisyaryong bata bawat pamilya.

Dahil dito, ang bawat sambahayan na may nagdadalantaong ina at/o anak na edad 0-5, at 3 anak na edad 6-14 na taon ay tatanggap ng tulong-pinansyal na P1,400.00 sa panahon ng *school year* hangga't sila ay nakatutugon sa mga kondisyon ng programa. Ang bawat sambahayang benepisyaryo ay tatanggap ng *cash grants* sa loob ng hanggang 5 taon lamang.

Ang naturang *cash grants* ay ibibigay sa pinakaresponsableng miyembro ng sambahayan, karaniwan ay ina ng tahanan na makakukuha nito sa pamamagitan ng *Landbank cash card*. Sa mga pagkakataon na hindi pwede ang *cash card*, ang mga benepisyaryo ay bibigyan ng *cash grants* sa pamamagitan ng natural na paraan ng pagbabayad *(native payment scheme)* kagaya ng *over-the-counter transactions* at/o *offsite payment* sa pamamagitan ng alinmang sangay ng *Landbank*.

Upang patuloy na makatanggap ng *cash grants*, ang mga benepisyaryo ay kailangang makatupad sa mga sumusunod na kondisyon: 1) Ang mga batang edad 3-5 taon ay dapat pumasok sa *day-care* o *pre-school classes*; 2) Ang mga batang edad 6-14 na taon ay dapat pumapasok sa elementarya ó hayskul na hindi bababa sa *85%* ng panahon ng kanilang pag-i-eskwel*a*; 3) Ang mga nagdadalantaong ina ay dapat magkaroon ng *pre*-at *post natal care* at manganak sa pangangasiwa ng isang nakapagsanay na *health professional*; 4) Ang mga batang edad 6-14 na taon ay dapat isailalim sa regular na pagpapamulate o *deworming*; 5) Ang mga magulang o tagapangalaga *(guardian)* ay dapat dumalo sa *responsible parenthood sessions*, *mother's classes* at *parent-effectiveness seminars*, at 6) Ang mga batang may edad 0-5 taong gulang ay dapat isailalim sa regular na *preventive health check-ups* at mga bakuna *(vaccines)*. ***LT IBASCO***

# Usapin ng hangganan sa pagitan ng Awitan, Labo at Awitan, Paracale inaksyunan ng Sangguniang Panlalawigan




***Ang Joint Session na ginanap sa pagitan ng Sangguniang Panlalawigan at mga Sangguniang Bayan ng Labo at Paracale kung saan ito ay ginanap sa Session Hall ng Sangguniang Panlalawigan dito sa Kapitolyo Probinsyal. Ito ay naglalayong maresolba ang ilang isyu ukol sa boundary dispute ng Awitan, Labo at Awitan, Paracale.***

Sa loob ng mahabang panahon, ang usapin sa hangganan ng Brgy. Awitan, Labo at Brgy. Awitan, Paracale ay nanatiling nasa Sinupan *(archive)* ng Sangguniang Panlalawigan (SP) dahil hindi pa matukoy kung alin sa dalawang bayan ang tunay at higit na may karapatan sa humigit-kumulang na 492 ektaryang lupain.

Ngunit dahil sa inisyatibo ng mga kasalukuyang opisyal ng magkabilang panig, ang nasabing usapin ay muling binuhay. Ito ay pinag-usapan at tinatayang tuluyan nang natapos at natuldukan sa pamamagitan ng SP na pinamumunuan ngayon ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel.

Base sa rekord ng SP, ang mga bayan ng Labo at Paracale ay parehong nakapagsumite ng kani-kaniyang *position papers* na naglalaman ng mga argumento na nagpapatunay ng kani-kanilang karapatan sa nasambit na lupain.

Ayon sa *LGU* Paracale, sila ang may higit na karapatan dahil sa hawak nilang *Land Classification* na ginawa, at inaprobahan noong Nobyembre 15, 1924 ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR), Bureau of Forest Devt., Quezon City*.

Sa kabilang panig, ipinagdiinan naman ng *LGU* Labo na sila ang may higit na karapatan base sa *Cadastral Survey* na isinagawa at inaprobahan noong taong 1929 kung saan nakasaad na ang bahagi ng Brgy. Awitan, Paracale ay nasasakop ng Brgy.

***(Sundan sa pahina 7)***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Health workers sumailalim sa SPEED Training para mas mapabilis ang pagbibigay ng serbisyo-medikal sa mga evacuees

Ang 2-araw na *Surveillance in Post Extreme Emergency and Disaster (SPEED) Training* ay ginanap noong Pebrero 1-2 sa Naga City. Ito ay dinaluhan ng mga *municipal health officers/rural health physicians* at *public health nurses* mula sa 12 bayan ng Camarines Norte.

Ang *SPEED training* ay isa sa mga tulong na ibinibigay ng *Department of Health (DOH)* at *World Health Organization (WHO)* sa mga *local government health personnel*. Sa nasabing pagsasanay, ang mga *health workers* ay nagkaroon ng mga kaalaman at kasanayan sa makabagong paraan ng pag-uulat gamit ang *internet*.

Sa ganitong paraan, mabilis nilang maipaaabot sa mga kinauukulan ang mga kalagayang pangkalusugan ng mga nakatira sa mga *evacuation centers*. Kapag napatunayan na ang ulat, ang angkop at sapat na tulong-pangkalusugan ay maibibigay kaagad sa mga *evacuees*. Sa pamamagitan din nito, maiiwasan ang mabilis na pagkalat ng mga sakit at mababawasan ang insidente ng pagkakahawahan ng sakit sa pagitan ng mga *evacuees*.

Kaugnay nito, ang mga municipal *health offices* ay hinihikayat ng mga opisyal mula sa *DOH* na magbigay ng *counterpart* tulad ng *computer* at/o *laptop, internet connection* at *capacity building* sa kani-kanilang mga *health workers* upang maging matagumpay ang pagpapatupad ng nasabing programa.

Nagsilbing mga *facilitators* sa *SPEED Training* ang mga opisyal at kawani mula sa *DOH* na sina: *Dr.* Rose Rempillo, Ms. Ma. Lucila S. Agripa, Ms. Kristine Marie Paz Romero, Mr. Christopher Asonza, at *Engr.* William Sabater; at si *HEPO II* Marino A. Abogado ng *Provincial Health Office-Camarines Norte*. ***MAR ABOGADO***

# 75 kabataan mga bagong benepisyaryo ng EPDOSY; 20 dating benepisyaryo nito nagtatrabaho na sa Cavite, Batangas at Laguna

Ang may 75 kabataan mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan ay kasalukuyang sumasailalim sa pagsasanay sa pinili nilang kursong bokasyonal gaya ng *Shielded Metal Arc Welding (SMAW), Electrical Installation and Maintenance (EIM)* at *Automotive Mechanic Servicing (AMS).*

Kabilang sila sa mga benepisyaryo ng *Educational Program for Deserving Out-of-School Youth (EPDOSY)* na ipinatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado.

Ang pagsasanay ukol sa *SMAW* at *EIM* ay nagsimula noong Pebrero 21, 2011 at magtatapos sa Mayo 17, 2011, at Hunyo 8, 2011, ayon sa pagkakasunod. Samantala, ang pagsasanay naman para sa *AMS* na magsisimula sa Marso 14 ay magtatapos sa Hulyo 6, 2011.

Ang nasabing mga pagsasanay ay isinasagawa sa *Provincial Training Center* ng *Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)* na nasa Brgy. Iberica, Labo.

Matatandaan na simula nang maipatupad ang nasabing programang pang-edukasyon para sa mga *out-of-school youths (OSYs)*, maraming bilang na ng mga kabataan ang natulungan ng pamahalaang panlalawigan. Matapos makapagsanay, nakapagtrabaho na ang ilan sa kanila.

Sa kasalukuyan, 20 sa mga naunang benepisyaryo ng *EPDOSY* ay nagtatrabaho na ngayon sa *Toyota Motors* sa Cavite; sa ilang *electronics companies* sa mga lalawigan ng Batangas at Laguna, habang ang iba naman ay nagsariling hanapbuhay *(self-employed)*.

Ang *EPDOSY* ay ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Public Employment Service Office (PESO)* na nasa ilalim ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular bilang *Provincial Planning and Development Coordinator (PPDC)*. Ang implementasyon nito ay pinangangasiwaan ni *Statistician III* Nida Navarro-Tosoc ng *PPDO* na nakatalaga rin bilang *Provincial PESO Manager/OSY Coordinator*. ***NIDA N. TOSOC***

# Tongue-tied no more

Isang residente ng Daet, Camarines Norte ang nabigyan ng libreng *tongue-tied correction operation* na isinagawa sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* noong Pebrero 8, 2011. Isinagawa ito bilang bahagi ng selebrasyon dito sa lalawigan ng 7th *National Dental Health (NDH) Month* ng *Philippine Dental Association (PDA).*

Ito ay idinaos kalinsabay ng *3rd Regional Kick-Off* at *National Launching of 'Zero Cleft' (Lip and Palate Operation)* na itinaguyod ng ating kapwa-Bikolanong si Senador Francis Joseph 'Chiz' G. Escudero. Ang naturang 1-buwang selebrasyon ay nakatuon sa pambansang tema na, "Ngipin Kayamanan, Pagkasira Huwag Hayaan; Dentistang Mapagkalinga, Handa kang Gabayan".

Matatandaan na ang *PDA Camarines Norte Chapter* sa pakikipagtulungan ng *CNPH Office* ay palagiang nagsasagawa ng *'Operation Smile'* na nagbibigay hindi lamang ng ngiti kundi pati na ng karagdagang tiwala sa sarili para sa ating mga kababayang nagtitiis dahil sa kundisyon ng kanilang *cleft lip* o *palate*.

Masuwerte ang ating probinsya dahil ang mga kaibigan nating opisyal ng *Philippine Maxillofacial College* na ang nag-uumapaw na suporta ay nakatulong sa mga kapuspalad na residente ng Camarines Norte.

Ang nabanggit na *tongue-tied correction* na kinukunsiderang isang *minor operation* ay isang maliit na bahagi lamang ng kabuuang proyekto na nakapagsagawa ng 19 *cleft lip/ palate surgery operations* at 3 *odontectomy operations* o *removal of the usually problematic third molar*, ngayong taon lamang.

Kabilang sa mga matataas na opisyal ng *PDA* na nakilahok sa katatapos na proyekto ay ang kasalukuyang *PDA National President* na si *Dr.* Robert Tajonera gayundin sina *PDA Immediate Past President Dr.* Leo de Castro, at *PDA Past President Dr.* Mario Esquillo. Naging matagumpay ang naturang proyekto dahil sa aktibong suporta nina Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado, Kongresista Elmer E. Panotes ng *Bicol Speaking District*, at Daet Mayor Tito S. Sarion na tinustusan ang pananghalian at gabihan ng mahigit sa 20 siruhano at iba pang panauhin sa nasabing 2-araw na aktibidad.

Samantala, si Sen. Escudero na panauhing pandangal at tagapagsalita sa paglulunsad ng *'Zero Cleft ' (Cleft Lip and Palate Operation)* noong Pebrero 8, 2011 sa *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center (CNSCAC)* ay hindi nakarating sa okasyon sapagkat ang sinasakyan nitong *helicopter* ay hindi nakalapag sa Bagasbas *Airport* dahil sa masamang panahon.

Una rito, ang mga opisyal at miyembro ng *PDA national* at *provincial chapters* ay dumalo sa isang Banal na Misa na idinaos sa *St. John the Baptist Church* ng nasabi ring araw sa ganap na ika-7 n.u., at saka lumahok sa parada.

Pinangunahan naman ng mga *PDA officers, chapter presidents* at ilang panauhin ang *unveiling of National Dental Health Month Billboard* sa *CNSCAC* kung saan isinagawa rin ang isang angkop na programa. Nagsagawa rin ng iba't-ibang patimpalak gaya ng: *Oral Examination (Consultation Hour); Little Mister and Miss Healthy Smile Contest; Toothy Smile* ni Lolo at Lola, at *On-the-Spot Poster Making Contest.* ***JOYM/lt ibasco***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# EDITORYAL

## K-12 KAILANGAN NGA BA?

Dapat bang dagdagan ng taon o baitang ang pag-aaral?

Maraming dahilang ibinigay upang ang programang ito ay maisakatuparan. Isa, ay ang kakulang daw ng sistema sa bilang ng taon ng edukasyon sa Pilipinas kumpara sa ibang bansa. Ito raw ay upang maitaas ang antas ng mababang kalidad ng edukasyon at upang lalo raw mahasa ang mga mag-aaral at maging mas epektibo pa ang kanilang edukasyon.

Naging parte rin ng usapin kung saan ba idadagdag ang taon o baitang sa pag-aaral: sa *pre-school* ba o sa *elementary*; sa sekondarya ba o sa kolehiyo? Ito ay isang mahalagang usapin na nangangailangan ng masusing pag-aaral.

Sa aking palagay ay hindi na dapat magdagdag pa ng taon o baitang sa pag-aaral sapagka't wala sa dami ng taon ang dapat pagtuunan ng pansin kundi ang kalidad ng edukasyon. Mas mabuti pa siguro ang magtaas ng kalidad ng edukasyon kaysa magdagdag ng taon o baitang ngunit mababa naman ang kalidad. Kung ihahalintulad ang mga mag-aaral natin na nakatapos ng sampung taon sa pag-aaral, lumalabas na mas mataas pa rin ang antas ng napag-aralan (kaalaman) nila kumpara sa ibang sistema ng edukasyon sa Asya at sa iba't-ibang bansa sa buong-mundo.

Ang dagdag na taon sa pag-aaral ay magiging dahilan ng lalo lamang paghihirap ng mga magulang sa pagpapaaral sa kanilang mga anak. Alam naman natin na mas marami ang bilang ng mga naghihikahos na pamilya sa ating bansa na halos dugo at pawis ang puhunan para lamang makapagpa-aral ng mga anak.

Sa kabuuan ay hindi angkop na magdagdag pa ng taon o baitang sa pag-aaral sapagkat apektado nito ang ekonomiya ng Pilipinas at ito ay magdudulot lamang ng ibayong paghihirap at mahabang sakripisyo ng buong pamilya. ***MERIAM B. CABALLERO***

# Dr. Porcincula panauhing tagapagsalita sa ika-148th JOMAPA Day sa bayan ng Jose Panganiban

Pinangunahan ng Pamahalaang Bayan ng Jose Panganiban (dating *Mambulao*) noong Pebrero 2, 2011 ang selebrasyon sa paggunita sa ika-148 taong anibersaryo ng kapanganakan ng Bikolanong bayani na si Jose Maria Enverga Panganiban na mas kilala sa taguring *JOMAPA*.

Sa angkop na programang isinagawa kaugnay nito, naging pangunahing tagapagsalita si *Dr.* Erlinda J. Porcincula, *dean, Camarines Norte State College (CNSC)-Graduate School.*

Ang selebrasyon ay sinimulan sa pamamagitan ng *flag raising ceremony* sa harapan ng Jose Panganiban *Municipal Hall*. Ito ay sinundan ng pag-aalay ng bulaklak sa paanan ng monumento ni *JOMAPA* sa pangunguna ng mga kamaganak ng tinaguriang *'The Avenger of Filipino Honor'*. Nakiisa rin sa gawain ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang bayan ng Jose Panganiban, mga guro, estudyante, *non-government organizations (NGOs)* at *peoples organizations (POs)* sa naturang bayan.




*Si Erlinda J. Porcincula, PhD, dekano sa Graduate School ng Camarines Norte State College (CNSC) habang nagbibigay ng mensahe sa programang paggunita sa ika-148 taong anibersaryo ng kapanganakan ni JOMAPA na idinaos sa bayan ng Jose Panganiban.*

Sa kanyang talumpati, pinuri ni Dr. Porcincula ang mga *Mambuleños* sa pagkakaroon nila ng bayaning katulad ni JOMAPA. Binigyang-diin niya ang natatanging katalinuhan at angking kakayahan ni JOMAPA na ginamit nito upang magkaroon ng kapayapaan at pagkakaisa sa kanyang tinubuang lupa, ang Pilipinas. Ito ay sa pamamagitan ng kanyang mga panulat.

Sinulyapan din niya ang naging buhay ng ating bayaning si JOMAPA na ipinanganak noong Pebrero 1, 1863 sa minahang bayan ng *Mambulao*.

Ang kanyang ama ay si Vicente Panganiban na tubong Hagonoy, Bulacan at ang kanyang ina ay si Juana C. Enverga mula sa Mauban, Tayabas, Quezon. Si JOMAPA ay isa sa mga pinakamahuhusay na miyembro ng *La Solidaridad*, isang samahan ng mga Pilipino na naglilimbag ng pahayagan gamit din ang naturang pangalan ng samahan. Gumawa siya ng mga artikulo na nananawagan para sa mga reporma at tumulong sa mga inisyatibo para makamit ang kalayaan ng Pilipinas mula sa mga Espanyol.

Sa bisa ng *Republic Act No. 4155* ang dating pangalan ng bayan ng Mambulao ay binago at ginawang Jose Panganiban noong Disyembre 1, 1934. Sa loob ng 122 taon mula sa araw ng kanyang kapanganakan, ang labi ng makabayang si JOMAPA ay ibinalik sa kanyang tahanan noong Pebrero 1, 1985 'upang makapagpahinga ng lubusan sa kanyang minamahal na tinubuang bayan'.

Ang nasabing programang paggunita na ginanap sa Roy Padilla *Memorial Stadium* ay dinaluhan din ng mga opisyal mula sa 27 barangay ng Jose Panganiban at ang publiko. Patuloy nilang sinasariwa ang mga magagandang ginawa ni JOMAPA at ang matiim na pagmamahal nito sa bayan na naging pinakamahalagang pamana nito sa kanyang mga kababayan, at ambag sa ating mayamang kasaysayan. ***EDGE V. CAINTO***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.— Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com






by Atty. Debbee Francisco

# Dahil mahal kita Bagasbas

Sa pagtutulungan ng *Provincial Tourism Office* (PTO) kasama ang ilang institusyon at iba pang *non-government organizations (NGOs)*, ipinagdiwang ng Tanggapan ng Gobernador ang Araw ng mga Puso sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal sa kalikasan at sa kapaligiran.

Isinagawa ito sa pamamagitan ng proyektong tinawag na, 'Dahil Mahal Kita Bagasbas' *(Bagasbas Clean-Up Drive)* noong Pebrero 13, 2011, bisperas ng Araw ng mga Puso. Idinaos ito sa *Bagasbas Beach* na isa sa mga pangunahing destinasyong panturismo sa lalawigan. Inaasahan na sa pamamagitan nito ay mahihikayat ang iba't-ibang institusyon at *NGOs* na tumulong sa pagpapanatili ng natural na ganda ng Bagasbas *Beach* at maipagpatuloy ang mga inisyatibo sa pagpapaganda at pagsasaayos ng mga pasilidad nito.

Ang naturang gawain ay tumanggap ng suporta mula sa iba't-ibang institusyon at organisasyon partikular na ang *Camarines Norte State College* (CNSC) *NSTP-ROTC Unit*, Mabini Colleges, Alyansa ng Kabataan sa Makabuluhang Adhikain, *True Friends Texters Society*, *Bagasbas Builders Club* at iba pang indibidwal at grupo na boluntaryong tumulong. Aktibo silang nakiisa sa paglilinis sa Bagasbas *Beach* kung saan pinulot nila ang nagkalat na mga bao ng niyog, basura at mga plastik na nasa kahabaan ng halos 1-kilometrong baybayin ng Bagasbas *Beach.*

Ipinaabot naman ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang kanyang pasasalamat sa lahat na nakilahok at sumuporta sa nasabing gawaing pangkalikasan.

Ayon kay Atty. Debbee G. Francisco, *provincial tourism officer*, ang proyekto ay pasimula pa lamang ng *advocacy campaign* ni Gob. Tallado para mapanatili ang kagandahan at kalinisan ng Bagasbas *Beach* at maipakilala ito bilang isa sa mga pangunahing lugarpanturismo ng Camarines Norte. ***ATTY. LUDIVINA G. FRANCISCO/lt ibasco***







# PPFSDC binuo ni Gob. Tallado upang maisulong ang Sports-for-All Program ng Camarines Norte

Sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-07, itinatag kamakailan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang *Provincial Physical Fitness and Sports Development Council (PPFSDC)* na pamumunuan niya bilang *chairman.*

Ang *PPFSDC* ang siyang magsisilbing panlalawigang organisasyon at ugnayan na tutulong sa gobernador sa pagpaplano, pagpapaabot ng mga impormasyon, pagpapatupad at pagsubaybay sa *Sports for All Program* na isinusulong ng pamahalaang panlalawigan.

Ang *PPFSDC* ay binuo susog sa Artikulo XIV, Seksyon 19 (1) ng Konstitusyon na nagtatakda na tungkulin ng estado (pamahalaan) na itaguyod ang *physical education* at pasiglahin ang programang pampalakasan, mga paliga *(league competitions)*, at mga bagong laro/isports kasama na ang pagsasanay para sa mga pandaigdigang kumpetisyon.

Nakapaloob din dito ang layunin nito na mapaunlad ang disiplina sa sarili *(self-discipline)*, pagtutulungan ng magkakasama *(teamwork)* at kahusayan tungo sa pagsusulong ng malusog at aktibong sambayanan.

Ginamit ding batayan sa pagtatatag ng *PPFSDC* ang Seksyon VII (m) ng R.A. Blg. 6847 na itinatadhana na ang *Philippine Sports Commission (PSC)* ay may tungkulin na palakasin, paunlarin at ipagpatuloy ang paglikha at pagtatatag ng *Regional, Provincial, Municipal* at *Barangay* o *School District Sports Promotion and Development Councils* na binubuo ng mga opisyal mula sa *Department of Education (DepEd), Department of the Interior and Local Government (DILG)*, pamahalaang lokal at mga kinatawan ng pribadong sektor na siyang magpapasimula, magsasagawa at makikipag-ugnayan para maisulong ang mga gawaing pampalakasan sa kanilang mga nasasakupan.

Kaugnay nito, si *DepEd Schools Division Superintendent* Arnulfo M. Balane ang itinalagang *secretary general* ng *PPFSDC.* Ang mga miyembro naman nito ay kinabibilangan nina: *DILG Provincial Director* Robin M. Mercado; *San Lorenzo Ruiz Mayor* Nelson delos Santos-*LGU representative;Col.* Teodoro Cirilo Torralba, *GSC (AFP Representative)*; *PCI* Edwin C. Adora *(PNP Representative)*; *SK Provincial Federation President* Gladiola L. Villagomez, kasama ang mga *NGO/GO representatives* na sina Ms. Josefina B. Tallado, BM Ligaya Lo-Pedron, *Provincial Legal Officer* Sim O. Mata Jr., at Punong Barangay Diogracias B. Odiver.

Inaasahan na sa pamamagitan ng *PPFDSC* ay makabubuo ng mga plano at istratehiya para maisulong ang *Sports for All Program* ng lalawigan ng Camarines Norte, at makahubog tayo ng mga atleta na may potensyal na makalahok sa mga pambansa at pandaigdigang kumpetisyon man. ***LT IBASCO***

# Governor's Action Center itinatag

Itinatag kamakailan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang *Governor's Action Center* sa bisa ng *Memorandum Number 110221-04* na ipinalabas ng kanyang tanggapan kamakailan.

Ang naturang *action center* ay binuo sa layuning ang mga isyu, usapin at/o serbisyong hinihiling ng mga mamamayan na nangangailangan ng personal na agarang aksyon ng butihing gobernador ay maibigay kaagad sa publiko.

Kabilang sa mga serbisyo nito ay ang tulong-pinansyal at medikal gayundin ang solisitasyon mula sa mga indibidwal at/o grupo para sa kanilang personal na pangangailangan, at mga programa, proyekto at gawaing ipinatutupad.

Kaugnay nito, ang kasalukuyang *extension office* ng *Provincial Administrator* ang siya nang gagamitin ngayon bilang *Governor's Action Center (GAC).* Ito ay pangangasiwaan nina Maria Micaela J. Domingo, Jennilyn O. Peralta at Nesmarie O. Palmero na nasa ilalim ng Tanggapan ng Punong Panlalawigan. ***LT IBASCO***




PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# PGSP tatawagin ng CNPGCEAP; mga bagong panuntunan babalangkasin

Ang *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* ay isang programang pang-edukasyon ng pamahalaang panlalawigan na unang ipinatupad noong 2002 sa bisa ng *Provincial Ordinance No. 2002-01* na pinagtibay ng Sangguni-ang Panlalawigan (SP) noong Enero 7, 2002.

Ngunit sa mga susunod na araw, tatawagin na itong *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP).* Ito ay kasunod ng pagkakapasa kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan (SP) sa *Resolution No. 057-2011 – A Resolution Re-Adopting Provincial Ordinance No. 07-2011 Establishing a Comprehensive College Education Assistance Program in the Province of Camarines Norte.*

Ang naturang pagbabago ay isinagawa ng SP bilang pagsusog sa layunin ni Gob. Edgardo A. Tallado na mas mapalawak ang programa at mabigyan ng oportunidad na makapagtapos ng pag-aaral ang mas maraming bilang ng mga kabataan sa lalawigan. Kabilang din sa kanilang hangarin ang maiwasan ang magkakaibang interpretasyon ukol sa programa gayundin ang pagpapatibay sa mga bagong pamantayan sa pagpapatupad nito.

Sa ilalim ng *PGCEAP*, tatanggap ng tulong-pinansyal *(financial subsidy)* para sa *tuition* at/o iba pang gastusin ang mga kwalipikadong estudyante na nais magtapos ng kolehiyo o 2-taong *ladderized courses* sa pampamahalaan o pribado mang kolehiyo sa loob ng lalawigan ng Camarines Norte.

Kaugnay pa rin nito, ang mga interesadong mag-aplay sa programa na papasok sa unang taon sa kolehiyo ay kailangang magtaglay ng mga sumusunod na kwalipikasyon: 1) nakapagtapos ng hayskul o nasa kolehiyo na at ang pamilya ay may buwanang kita na hindi lalagpas sa P10,000.00; 2) nakapasa sa pagsusulit na ibinigay ng pamahalaang panlalawigan; 3) hindi pa benepisyaryo ng anumang libreng paaral *(scholarship)* ng pamahalaan o ng mga NGOs man; 4) ang *average grade* sa sinundang taon ay hindi bababa sa 83% subali't pag nasa programa na, dapat panatilihin ang kabuuang marka ay 85%upang makapagpatuloy sa pagtanggap ng benepisyo ng programa.

Ang dating mga *PGSP grantees* o yaong mga nakapasa sa *scholarship examinations* ng pamahalaang panlalawigan sa mga nakalipas na taon ngunit hindi nakapagpatuloy ng pag-aaral sa mga kadahilanang wala silang kontrol o problemang pinansyal ay maaaring mag-aplay para mabigyan ng rekonsiderasyon na sasaklawin ng pamantayan na babalangkasin ng *CNPGCEAP Committee*.

Samantala, ang mga atleta o *academic contestants* na kinatawan ang lalawigan sa *individual athletic* o *academic events* sa *Bicol Meet* o Palarong Pambansa o alinmang *regional* o *national competitions* na kinikilala ng *Department of Education (DepEd)* at nakakuha ng unang puwesto o medalyang ginto ay maaaring maging benepisyaryo ng programa na sasaklawin ng pamantayan kaugnay nito na hindi na kinakailangang dumaan pa sa mga *qualifying examinations.*

Ang mga nakapagtapos ng hayskul bilang balediktoryan o salutatoryan ay awtomatikong kwalipikado sa programa batay sa pamantayang babalangkasin para rito. Kabilang din sa *PGCEAP* ang mga *persons with disabilities (PWDs)* o mga taong may kapansanan na ang pagpili ay isususog sa pamantayan na bubuin ng *CNPGCEAP Committee*.

Ang *CNPGCEAP Committee* na siyang babalangkas ng mga patakaran at pamantayan para sa epektibong implementasyon ng *PGCEAP* ay pamumunuan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado. ***LT IBASCO***

# Kapihan sa Lalawigan isinagawa; mga eksperto sa industriya ng kape naging tagapagsalita

Matagumpay na naisagawa ang pagsasanay ukol sa *Coffee Production (Kapihan sa Lalawigan)* na ginanap sa Tintin *Apartelle* noong Pebrero 15-16, 2011. Ito ay naglalayon na mabigyan ng tamang teknolohiya sa pagtatanim ng kape ang ating mga magsasaka. Isinulong dito ang pagtatanim ng kape may ilang taon na ang nakalilipas na ang naging problema ay ang kawalan ng magandang suporta sa pamilihan.

Dahil dito, ang *Office of the Provincial Agriculturist* sa pakikipagugnayan sa *Department of Agriculture (DA)* ay nag-imbita ng mga eksperto sa industriya ng pagkakape. Ito ay sina *Engr.* Rene Marasigan, *Director, Coffee Research & Development Center* ng Cavite *State University*; G. Oriel Salazar, presidente ng Cavite *Coffee Association* ng Indang, Cavite at si G. Liberato Perez, isang matagumpay na *coffee grower*. Ang bawat isa ay nagbahagi ng kanikanilang kaalaman tungkol sa industriya ng kape.

Samantala, ang ating lalawigan ay may humigit-kumulang sa 136 na *coffee growers*. Ang kalakhang taniman nito ay matatagpuan sa mga bayan ng Labo, San Lorenzo Ruiz, at Talisay na umaabot sa humigit-kumulang sa 210 ektaryang lupain.

Dahil dito, tinatayang uunlad ang industriya ng kape sa lalawigan kung madaragdagan pa ang mga magtatanim ng kape rito. Maliban sa *Nestlé Philippines*, *San Miguel Corporation*, Kopiko at Kape *Filipino*, ang nabanggit na Cavite *Coffee Association* ay handang tumulong na bilhin ang mga produktong kape ng ating lalawigan.

Kaugnay nito, ang *DA* ay magbibigay ng libreng *coffee seedlings* at abono sa unang limang (5) bayan na makapagtatanim ng kape sa hindi kukulangin sa 5 ektarya sa kanilang bayan. Inaasahan na sa pamamagitan nito ay tataas ang kalidad ng produktong kape rito sa Camarines Norte.

Matatandaan na ang pagpapaunlad ng industriya ng kape ay isa rin sa mga prayoridad na programang pang-agrikultural na isinusulong ng administrasyon ni Gob. Egay Tallado. ***HB ABORDO, DPM***

# PGSP Experience-Sharing...

*(Mula sa pahina 1)*

*(PGSP).* Ito ay sa layuning mas maraming mahihirap ngunit matatalinong kabataan ang mabigyan ng oportunidad na makapagtapos ng kolehiyo, magkaroon ng matatag na kinabukasan, at maging produktibong mamamayan na magiging bahagi sa pag-unlad ng pamayanan.

Pinangunahan din ni Gob. Tallado ang paggawad ng katibayan ng pagkilala sa 3 dating iskolar ng PGSP na nagbahagi ng kani-kanilang karanasan sa pagpupunyagi, pagtitiis at pagtatagumpay sa buhay. Isinagawa ito sa layuning makapagbigay sila ng inspirasyon sa mga kasalukuyang iskolar ng PGSP na sa kabila ng kahirapan ay napagtagumpayan ang pagkakaroon ng edukasyon na nagangat sa kanilang kahabag-habag na katayuan sa buhay at nagsisilbi silang huwaran din sa lahat ng kabataan.

Kasama ang ilang matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan, pinamunuan din ni Gob. Tallado ang pamamahagi ng tseke sa mga kwalipikadong iskolar. Matatandaan na ang bilang ng iskolar ngayon ay ibayong doble kumpara sa dati na 247 *grantees* lamang. Inisyatibo ito ng gobernador bilang pagtupad sa kanyang pangako sa mga kabataan. Ginawa rin niya ito sa pagnanais na maibahagi ang kanyang magandang kinahantungan dahil sa edukasyon. Naniniwala ito na ang edukasyon ay buhay *(Education is Life)* kaya ang karapatan ng lahat na magkaroon ng edukasyon ay dapat ipagkaloob sa kanila ng pamahalaan.

Samantala, ang 3 dating iskolar ng PGSP na nagbahagi ng istorya ng kanilang hirap, pagtitiis at tagumpay bilang mga estudyante ay sina Jay I. Odi, Adrian Yaneza at Manuel Maigue.

Si Odi ay nagtapos na *cum laude* sa kursong *Bachelor of Science in Accountancy (BSA)* mula sa *Camarines Norte State College (CNSC)* noong Abril 2010, at ngayon ay isa ng *full-fledged certified public accountant (CPA).* Sinabi niya na hindi hadlang ang kahirapan para makakuha ng matataas na grado. Ang mahalaga umano ay ang disiplina sa sarili at determinasyon na maabot ang pangarap na magkaroon ng maunlad na kinabukasan.

Sina Yaneza at Maigue na pareho nang nagtatrabaho ay ibinahagi rin ang kanilang mga pagsisikap para makapagtapos ng pag-aaral. Sina Yaneza at Maigue ay nakapagtapos noong taong 2008 ng kursong *Bachelor of Science in Business Administration (BSBA)*, at *Bachelor of Science in Information Technology (BSIT)*, ayon sa pagkakasunod.

Samantala, sa bahagi ng programa nito ay nagbigay ng mensahe si Bise Gob. Jonah G. Pimentel kung saan ipinahayag niya na magsasagawa sila ng mga inisyatibo para mas mapahusay pa ang programang pang-edukasyon ng pamahalaang panlalawigan. Una rito, nagbigay ng *welcome remarks* si *CAO IV* Purita P. Briñas, *PGSP program officer*; at *opening remarks* naman mula kay *Exec. Asst. IV/OIC Provincial Administrator* Joey G. Boma.

Ang daloy ng programa ay pinangasiwaan ng mga iskolar ng *PGSP* na sina Felix de Jesus at Melody Andaya na nasa unang taon sa kursong *Bachelor of Science in Education (BSEd).* Nagtapos ang nasabing aktibidad sa pamamagitan ng *closing remarks* ni Bokal Teresita DL. Malubay, *chairperson, SP Committee on Education*. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Iba't-ibang aktibidad isinagawa...



Pinangunahan ni yumaong dating Gobernador Roy Padilla Sr. ang pagsalubong sa pagdating ng mga labi ni Jose Maria Enverga Panganiban sa bansa. Ang mga labi ni JOMAPA ay inilagak sa bayan ng Mambulao ngayon ay Jose Panganiban, sunod sa pangalan nito.

**(Mula sa pahina 8)**

porta at lumahok sa mga angkop na gawain kaugnay ng naturang mga selebrasyon.

Kaugnay nito, isang panayam tungkol sa buhay at kabayanihan ni Panganiban na may temang "*JOMAPA: Huwaran ng Pagiging Bayani at Marangal*" ang isinagawa noong Pebrero 2, 2011. Ito ay dinaluhan ng mga mag-aaral mula sa *La Consolacion College of Daet (LCCD)*, *Moreno Integrated School*, at *Camarines Norte State College LaboratorySchool (CNSCLS)*. Naging tagapagtalakay rito si G. Abel C. Icatlo, *Museum Curator I/ CNPC Officer- Designate* ng Sangay ng Museo, Sinupan at Panulukan.

Idinaos naman noong Pebrero 11, 2011 ang isang panayam ukol sa buhay at kabayanihan ni Hen. Lukban kung saan naging tagapagtalakay rin si G. Icatlo. Dumalo rito ang mga mag-aaral mula sa *LCCD*, *CNSCLS*, at *Chung Hua High School (CHHS)*.

Bilang pakikiisa sa pambansang selebrasyon ng ika-25 taong anibersaryo ng *EDSA Revolution*, idinaos dito noong Pebrero 21, 2011 ang *film showing cum lecture forum* na may pamagat na 'Batas Militar'. Sinaksihan ito ng mga mag-aaral mula sa *LCCD*, *CNSCLS* at *(CHHS)*.

Ang tatlong (3) nabanggit na mga aktibidad na pawang isinagawa sa *Little Theater*, *2nd floor*, *Camarines Norte Agro-SportsCenter (CNSCAC)* sa ganap na ika-1:30 n.h. sa mga nasabing petsa ay pinangasiwaan ng tanggapan ni G. Icatlo.

Bilang karagdagan, si Gat Panganiban ay ipinanganak noong Pebrero 1, 1863 sa bayan ng Mambulao, ngayon ay Jose Panganiban, na hinango sa kanyang pangalan bilang pagpupugay at pagkilala sa kanyang kabayanihan at matiim na pagmamahal sa bayan. Siya ang bunso sa tatlong (3) anak na lalaki nina Vicente Panganiban ng Hagonoy, Bulacan at Juana Enverga ng Mauban, Quezon, noon ay Tayabas.



Si Heneral Vicente Lukban kasama ang mga Rebolusyonaryong ipinatapon sa Hongkong, 1898

Katulad ng ating pambansang bayaning si Gat Jose P. Rizal, ginamit niya ang kanyang husay sa panulat upang humingi ng reporma sa pamahalaang Espanya sa halip na marahas/madugong rebolusyon.

Bilang miyembro ng Kilusang Propaganda *(Propaganda Movement)* na naglimbag ng pahayagang *La Solidaridad*, ginamit niya ang '*JOMAPA*' at '*JMP*' bilang sagisag sa kanyang mga panulat. Nakasama niya sa kilusan sina Gat Rizal, Graciano Lopez-Jaena, Mariano Ponce at Marcelo H. del Pilar. Si JOMAPA rin ay tinagurian bilang 'Indio ng Mambulao' at *"The Avenger of Filipino Honor"*.

Samantala, si Hen. Lukban na ipinanganak sa bayan ng Labo noong Pebrero 11, 1860 ay anak nina Agustin Lukbán ng Ambos Camarines at Andrea Rilles ng Lucban, Tayabas.

Noong 1886, itinatag niya ang *La Cooperativa Popular* na ang bahagi ng kita ay palihim na ipinadadala sa Katipunan, ang rebolusyonaryong samahan na itinatag ni Andres Bonifacio. Ginamit din nila ang kooperatiba upang mapalagap ang mga simulain ng rebolusyon.

Nagsilbi rin si Lukban bilang isa sa mga opisyal ng pamunuan ni Emilio Aguinaldo sa ilalim ng *Philippine Revolution*, at naging *politico-military chief* ng Samar at Leyte sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano *(Philippine-American War)*. Kinilala siya ng mga Amerikano bilang utak sa likod ng *Balanggiga Massacre* kung saan maraming sundalong Amerikano ang napatay.

Kasunod nito, umatake ang pwersang Amerikano noong Nobyembre 17, 1901 kung saan nahuli si Hen. Lukban. Sa kabila ng pagkahuli sa kanya, hindi nagwakas ang kanyang karera. Matapos ang kanyang sentensya, kumandidato siya at nahalal na gobernador ng Tayabas (*ngayon ay Quezon Province*) noong 1912 at muling nahalal noong 1916. Namatay si Lukban sa kanyang tahanan noong Nobyembre 16, 1916.

Ngunit sa mga huling imbestigasyong isinagawa ng mga dalubhasa sa kasaysayan *(historians)*, isiniwalat nila na walang aktwal na partisipasyon si Lukban sa ginawang planong pag-atake sa Balangiga. ***AIDA B. PANDEAGUA/lt ibasco***

# Usapin ng hangganan sa pagitan...

**(Mula sa pahina 2)**

Awitan, Labo. Sa bisa ng nasabing *cadastral survey*, ang mga may-ari ng lupa na dati nang nagbabayad ng kanilang buwis sa bayan ng Paracale ay hinikayat na magbayad ng buwis sa bayan ng Labo, na hindi naman kinontra o hindi ginawan ng karampatang aksyon ng *LGU* Paracale para hadla-ngan ito. At pagkaraan ng halos 50 taon, noong 1979 ay kinuwestyon ni Paracale Mayor Nicolas Herico ang bagay na ito hanggang sa nakarating sa SP ang naturang usapin.

Bagama't may ginawang mga pagkilos ang mga nakaraaang pamunuan ng SP hinggil dito, hindi pa rin natapos ang nabanggit na usapin.

Kaugnay nito, noong Pebrero 15, 2011, isinagawa ang *joint session* ng SP; mga Sangguniang Bayan ng Labo at Paracale, at ang mga Sangguniang Barangay ng Awitan, Labo at Awitan Paracale. Sa pamamagitan nito, nagkaroon sila ng pagkakataon na maiparating ang kani-kaniyang panig sa usapin. Pagkaraan ng mahabang argumento at talakayan, ang magkabilang panig ay binigyan ng SP ng pagkakataon na mag-usap nang sarilinan. Kasunod nito, napagkasunduan ng magkabilang panig na ang Labo ay magbibigay na lamang ng 5 ektarya ng lupain kasama ang mga pasilidad na sakop nito kagaya ng *barangay chapel*, *barangay pavement* at *barangay hall* pabor sa *LGU* Paracale.

Dahil dito, ipinasa naman ng SP ang *Resolution No. 048-11 – "A Resolution Giving Force and Effect to the Agreement Among the Concerned LGUs Regarding the Boundary Dispute Between Awitan, Labo and Awitan, Paracale Whereby the Boundary Line Shall Be Moved in Favor of Awitan, Paracale, Both of Camarines Norte".*

Inaasahan na sa pamamagitan nito, ang Sangguniang Bayan ng Labo at Paracale ay magpapasa rin ng kahalintulad na resolusyon na pagtitibayin ng kani-kanilang mga punong bayan upang tuluyan nang matuldukan ang usapin patungkol sa hangganan ng lupaing kanilang nasasakupan. ***JOSEPHINE Q. BADONG***

# Core Shelter...

**(Mula sa pahina 8)**

*tor Meyer*, at *inspirational message* naman mula kay Gob. Tallado.

Una rito, ang *welcome/opening remarks* ay ibinigay ni Punong Brgy. Winifredo Endionela, at mensahe naman mula kina *Vice Mayor* Severino Francisco; *Engr.* Lorenzo Canlas, *CANORECO General Manager*, at *Mayor* Pardo. Sa pagitan ng programa, nagbigay ng sorpresang bilang ang isang Kabihug gayundin ang iba pang benepisyaryo ng programa.

Maliban sa naturang *turn-over* ng *CSAP*, isinagawa rin ang seremonyal na pagbubukas ng ilaw at gripo ng tubig sa mga kabahayan doon. Ang *CSAP* ay pinunduhan ng *UNDP* gayundin ang elektripikasyon at patubig sa nasabing lugar sa pakikipagtulungan ng pamahalaang bayan ng Labo at pamahalaang panlalawigan.

Bilang karagdagan, ang *UNDP* na nagsisilbing *global development network* ng *United Nations (UN)* ay nakabase sa may 166 bansa. Ang pokus nito ay tulungan ang iba't-ibang bansa sa pagbuo at pagbahagi ng mga solusyon sa mga hamong kinakaharap ng mundo patungkol sa: *democratic governance; poverty reduction, crisis prevention and recovery, environment and energy,* at *HIV/AIDS*. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

Dumating noong Pebrero 25, 2011 dito sa Camarines Norte sina *Undersecretary Cecilia Capadocia-Yangco* at *Mr. Renaud Meyer, United Nations Development Programme (UNDP) Country Director.* Sila ay sinamahan ni *PSWD Officer* Lorna C. de Claro sa pag-*courtesy call* nila kay Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado.

Sina *UNDP Country Director Meyer* at *Usec.* Yangco ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* ay nagtungo rito sa lalawigan para pangunahan ang idaraos na *blessing* at *turn-over ceremony* ng *core shelter assistance project (CSAP)* sa Brgy. Guisican, Labo. Nakasama rin nila sa paggawad ng *certificate of completion and acceptance* sa mga *CSAP beneficiaries* sina *DSWD Regional Director* Remia T. Tapispisan, Gob. Tallado at Labo Mayor Dindo V. Pardo.

Ang programang isinagawa kaugnay ng nasabing okasyon sa Brgy. Guisican, Labo ay tinampukan ng mensahe mula kina *Usec.* Yangco at *UNDP Country Direc-*

*(Sundan sa pahina 7)*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 1, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Core Shelter sa Barangay Guisican, Labo, pinasinayahan



***Edgardo A. Tallado***
*Governor*



***Cecilia Capadocia-Yangco***
*DSWD Undersecretary*



***Renaud Meyer***
*(UNDP) Country Director*




***Ang blessing at turn-over ng Core Shelter Assistance Project (CSAP) sa Brgy. Guisican, Labo na pinangunahan nina Gob. Egay Tallado, DSWD Usec Cecilia Capadocia-Yangco at UNDP Country Manager Renaud Meyer na dinaluhan ng mg recepients at Municipal at Brgy. Officials ng bayan ng Labo.***







# Iba't-ibang aktibidad isinagawa sa paggunita ng anibersaryo ng EDSA Revolution, at kapanganakan nina JOMAPA at Lukban

Ipinalabas kamakailan ng Tanggapan ni Gobernador Edgardo A. Tallado ang Atas Tagapagpaganap Blg. 2011-01 kaugnay sa paggunita ng ika- 148 anibersaryo ng kapanganakan ni Gat Jose Maria Enverga Panganiban sa ika-1 ng Pebrero 2011, at ang ika-151 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Heneral Vicente Rilles Lukban sa ika-11 ng Pebrero ngayong taon, ganundin ang ika-25 taong anibersaryo ng *EDSA Revolution.* Nakapaloob sa kaatasan ang tagubilin sa lahat na pamahalaang lokal at nasyonal, at lahat ng mamamayan na sumu-



**Hen. Vicente Rilles Lukban**



**Jose Maria Enverga Panganiban**

*(Sundan sa pahina 7)*





***Ang pamamahagi ng farm inputs para sa mga lowland rice farmers na pinunduhan ng European Union sa pakikipagtulungan sa SEARCA at CIRAD na ipinamahagi ni Gob. Egay Tallado sa mga benepisyaryong magsasaka mula sa iba't-ibang barangay rito sa lalawigan bilang tulong sa hanay ng mga vulnerable sectors tulad nila. Katuwang din sa naturang gawain ang Office of the Provincial Agriculturist.***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com